

**The effect of the Total Physical Response strategy  
on the verb proficiency of Grade 7 students**

**Dulce P. Calceña\***

Cebu Technological University - Main Campus, Cebu City, Cebu, Philippines

**ABSTRACT**

This study aimed to examine the effectiveness of the Total Physical Response (TPR) Strategy in improving the verb proficiency of Grade 7 students. The study employed a quasi-experimental research method using a pretest-posttest design. The participants consisted of 60 Grade 7 students who were divided into two groups: 30 students in the control group and 30 students in the experimental group. The independent variable of the study was the instructional approach, specifically the use of the Total Physical Response Strategy in the experimental group and the traditional teaching method in the control group. The dependent variable was the verb proficiency of the Grade 7 students. A researcher-developed questionnaire on the verb proficiency of Grade 7 students served as the research instrument. Pilot testing was conducted at Carvasana National High School using a 60-item test. Following reliability analysis, 30 items were retained and used in the actual study. Prior to the intervention, the control group obtained a mean score of 15.70, while the experimental group obtained a mean score of 13.93, both indicating a moderate level of verb proficiency. These findings suggest that the two groups had comparable levels of proficiency before the intervention. After the intervention, the mean score of the control group increased from 15.70 to 20.00, whereas the experimental group demonstrated a greater improvement, with its mean score increasing from 13.93 to 21.93. These results indicate an improvement from a moderate to a high level of verb proficiency, particularly among the students who were taught using the Total Physical Response Strategy. Overall, the findings of the study demonstrate that instruction using the Total Physical Response Strategy is more effective than the traditional teaching method in enhancing the verb proficiency of Grade 7 students.

**Keywords:** Total Physical Response Strategy, verb proficiency, Grade 7 students.

Date Submitted: June 18, 2026

Date Accepted: June 25, 2026

Date Published: July 1, 2026

---

\*Corresponding author / Email: [dulcecalcena@gmail.com](mailto:dulcecalcena@gmail.com)

DOI: <http://doi.org/10.69651/PIJHSS05031263>

**Recommended citation:**

Calceña, D. P. (2026). The effect of the Total Physical Response strategy on the verb proficiency of Grade 7 students. *Pantao (International Journal of the Humanities and Social Sciences)* 5 (2), 162-175.  
<http://doi.org/10.69651/PIJHSS05031263>

## **Epekto ng Estratehiyang Total Physical Response sa Kahusayang Pandiwa ng mga Mag-aaral Sa Baitang 7**

**Dulce P. Calceña**

Cebu Technological University - Main Campus, Cebu City, Cebu, Philippines

### **ABSTRAK**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang bisa ng Estratehiyang Total Physical Response (TPR) sa kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral sa Baitang 7. Gumamit ang pananaliksik ng quasi-experimental na metodo na may pretest-posttest na disenyo. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng 60 mag-aaral na hinati sa dalawang pangkat: 30 mag-aaral sa pangkat na kontrol at 30 mag-aaral sa pangkat na eksperimental. Ang malayang baryabol sa pag-aaral ay ang paraan ng pagtuturo, partikular ang pagtuturo gamit ang Estratehiyang Total Physical Response sa pangkat na eksperimental at ang tradisyunal na pagtuturo sa pangkat na kontrol. Samantala, ang di-malayang baryabol ay ang kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral sa Baitang 7. Ginamit bilang instrumento ang talatanungan tungkol sa kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral sa Baitang 7. Isinagawa ang pilot testing sa Carvasana National High School gamit ang 60 aytem, at matapos ang pagsusuri sa reliability, 30 aytem ang piniling gamitin sa aktuwal na pag-aaral. Bago ang interbensyon, ang mean score ng pangkat na kontrol ay 15.70, samantalang ang pangkat na eksperimental ay may mean score na 13.93, na kapwa nagpapakita ng katamtamang antas ng kahusayang pandiwa. Ipinahihiwatig nito na magkatulad ang antas ng kahusayan ng dalawang pangkat bago ang interbensyon. Pagkatapos ng interbensyon, tumaas ang mean score ng pangkat na kontrol mula 15.70 tungo sa 20.00, habang ang pangkat na eksperimental ay nagpakita ng mas malaking pagtaas mula 13.93 patungo sa 21.93. Ipinapakita ng mga resultang ito ang pag-angat mula sa katamtaman hanggang mataas na antas ng kahusayang pandiwa, higit lalo sa pangkat na ginamitan ng Estratehiyang Total Physical Response. Sa kabuuan, ipinakikita ng pag-aaral na mas epektibo ang pagtuturo gamit ang Estratehiyang Total Physical Response kaysa sa tradisyunal na pagtuturo sa pagpapahusay ng kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral sa Baitang 7.

Susing salita: Estratehiyang Total Physical Response, kahusayang pandiwa, mga mag-aaral sa Baitang 7.

### **PANIMULA**

Ang wika ay mahalagang kasangkapan sa paghubog ng kaisipan, damdamin, at pagkatao ng bawat indibidwal. Sa larangan ng edukasyon, ito ang pundasyon ng pagkatuto sa iba't ibang asignatura at daan sa mabisang pakikipag-ugnayan. Sa antas ng junior high school, ang paglinang ng kasanayan sa wika ay hindi lamang nakatuon sa pagbasa at pagsulat, kundi sa mas malalim na pag-unawa sa estruktura at gamit ng wika. Sa kabila ng mga reporma sa kurikulum at patuloy na pagsasanay sa mga guro, nananatiling hamon ang pagbibigay ng sapat na kaalaman sa mga mag-aaral upang magamit ang wika nang wasto at epektibo sa iba't ibang konteksto.

Ayon sa Sociocultural Theory ni Lev Vygotsky, ang pagkatuto ay isang panlipunang proseso kung saan ang wika ay nagsisilbing pangunahing kasangkapan sa pag-unlad ng kognisyon. Binibigyang-diin ng teoryang ito ang papel ng interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral, pati na rin ang paggamit ng wika bilang daluyan ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng Zone of Proximal Development (ZPD), ipinapakita na ang mag-aaral ay mas natututo kapag

ginagabayan ng mas may kaalaman, gamit ang wika bilang tulay sa pag-unawa. Ang ganitong pananaw ay nagpapakita ng kahalagahan ng wika hindi lamang bilang asignatura kundi bilang pundasyon ng lahat ng pagkatuto sa silid-aralan.

Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Richards (2017) sa kanyang pag-aaral na “Our choice of words is constrained by the context in which we use the language.” Ibig sabihin, ang wika ay hindi ginagamit sa vacuum; ito ay laging nakaugat sa konteksto. Sa pagtuturo ng wika, mahalagang isaalang-alang ang Context Theory, na nagsasaad na ang pag-unawa sa wika ay higit na nagiging makabuluhan kapag ito ay inilalapat sa aktwal na sitwasyon. Ang mga guro ay hinihikayat na gamitin ang wika sa mga makabuluhang gawain upang mapaunlad ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.

Isa sa mga tiyak na kasanayang kailangang pagtuunan ng pansin ay ang tamang paggamit ng pandiwa sa Filipino. Napapansin sa mga mag-aaral sa Baitang 7 ang kakulangan sa pag-unawa sa mga aspekto, anyo, at gamit ng pandiwa sa pangungusap. Madalas itong nagiging sanhi ng kalituhan sa pagsasalita at pagsulat, at nagreresulta sa mababang antas ng komunikatibong kakayahan. Sa ganitong kalagayan, mahalagang tukuyin kung paano mas mapapalalim ang kaalaman ng mga mag-aaral sa paggamit ng pandiwa, at kung anong mga salik ang maaaring makaapekto sa kanilang pagkatuto sa bahaging ito ng gramatika.

Ang pagkatuto ng gramatika, partikular ng pandiwa, ay maaaring ipaliwanag sa pamamagitan ng Pedagogical Grammar Theory, na nagsasaad na ang gramatika ay dapat ituro sa paraang makabuluhan at naaayon sa konteksto ng aktwal na paggamit ng wika. Sa teoryang ito, hindi lamang binibigyang-diin ang mga tuntunin ng wika, kundi ang aplikasyon nito sa komunikasyon. Mahalaga ang papel ng guro sa pagbibigay ng mga halimbawa, pagsasanay, at interaktibong gawain upang maipakita ang gamit ng pandiwa sa tunay na sitwasyon ng pakikipagtalastasan.

Ayon sa pag-aaral ni Gannaban-Hicana (2020), mahalagang taglayin ng guro ang malalim na kaalaman sa mga teoryang panggramatika gaya ng pedagogical grammar, case grammar, at transformational grammar upang maging epektibo ang pagtuturo ng wikang Filipino. Binanggit din sa kanyang papel na ang pag-unawa sa gramatika ay hindi dapat ihiwalay sa aktwal na gamit ng wika sa komunikasyon, at ang mga teoryang ito ay nagsisilbing saligan sa pagpili ng mga angkop na estratehiya sa pagtuturo.

Ayon sa pag-aaral ni De Leon (2021), na isa sa mga nangungunang akademiko sa larangan ng sosyolingguwistika sa Pilipinas, ang pag-unawa sa wika ay higit na nagiging makabuluhan kung ito ay inilalapat sa aktwal na konteksto ng edukasyon. Sa kanyang mga isinulat, binigyang-diin niya ang kahalagahan ng pagpaplanong pangwika at intelektuwalisasyon ng wikang pambansa upang ito ay maging epektibong kasangkapan sa pagkatuto.

Samantala, sa pag-aaral ni David (2020), ipinakita ang kahalagahan ng tamang gamit ng mga pandiwang modal sa akademikong pagsulat ng mga Pilipinong mag-aaral. Sa kanyang corpus-based analysis, binigyang-pansin ang estruktura at semantikong gamit ng mga pandiwa, na may implikasyon sa kakayahan ng mga mag-aaral na magpahayag ng obligasyon, posibilidad, at pananaw. Ang ganitong uri ng pagsusuri ay nagpapakita ng kahalagahan ng masusing pag-unawa sa gramatika upang mapabuti ang akademikong komunikasyon.

Ang pag-aaral na ito ay maaaring iugnay sa Teoryang Constructivism ni Jean Piaget, na nagsasaad na ang pagkatuto ay isang aktibong proseso kung saan ang mag-aaral ay bumubuo ng kaalaman mula sa kanilang karanasan. Sa pagtuturo ng gramatika, partikular sa pandiwa, mahalagang bigyang-daan ang mga mag-aaral na magkaroon ng aktibong partisipasyon sa pagkatuto upang mas maging makabuluhan ang kanilang pag-unawa. Sa pamamagitan ng mga

karanasang may kaugnayan sa wika, mas nagiging matibay ang pundasyon ng kaalaman sa gramatika.

Ang kahalagahan ng pag-aaral na ito ay nakasalalay sa ambag nito sa pagpapabuti ng pagtuturo ng Filipino sa antas ng junior high school. Maaaring magsilbing batayan ito ng mga guro sa pagdidisenyo ng mga gawain at estratehiya na nakatuon sa pagpapalakas ng kasanayan sa pandiwa. Bukod dito, makatutulong ito sa mga tagapagpatupad ng kurikulum upang mas maunawaan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa larangan ng gramatika, at sa huli, ay makapagbuo ng mas epektibong mga programang pangwika. Ang pag-unawa at tamang paggamit ng pandiwa ay mahalagang kasanayan sa pagbuo ng malinaw, masining, at epektibong pahayag. Sa Filipino, ang pandiwa ay hindi lamang nagsasaad ng kilos kundi nagbibigay rin ng konteksto sa panahon, pokus, at intensyon ng nagsasalita. Kapag ito ay nagamit nang wasto, nagkakaroon ng kaisahan at kaangkupan ang mga ideya sa loob ng isang pangungusap, na siyang pundasyon ng mabisang komunikasyon.

Bilang isang guro sa sekondarya, naniniwala ang mananaliksik na ang pagpapalawak ng kaalaman sa mga makrong kasanayang pangwika ay hindi lamang nakatutulong sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral, kundi sa kanilang pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan. Sa ganitong pananaw, mahalagang tukuyin ang mga estratehiyang pedagogikal na maaaring magpalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa gramatika, partikular sa pandiwa.

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay rin sa Total Physical Response (TPR), isang estratehiyang binuo ni James Asher, na nakatuon sa pagkatuto ng wika sa pamamagitan ng pisikal na tugon sa mga verbal na utos. Ayon kay Asher (1981), ang TPR ay isang stress-free na pamamaraan ng pagkatuto ng wika na ginagaya ang natural na proseso ng pagkatuto ng mga bata sa kanilang unang wika. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga utos gamit ang kilos, mas mabilis na nauugnay ng mag-aaral ang wika sa kahulugan nito, na nagreresulta sa mas matibay na pagkatuto. <https://psycnet.apa.org/record/1982-26631-001> 11-10-25

Iniuugnay din dito, ang Constructivist Theory ni Jean Piaget ay nagpapakita na ang pagkatuto ay isang aktibong proseso kung saan ang mag-aaral ay bumubuo ng kaalaman mula sa kanilang karanasan. Ayon sa teoryang ito, ang mga mag-aaral ay hindi basta tumatanggap ng impormasyon kundi aktibong nakikilahok sa pagbuo ng kahulugan batay sa kanilang dating kaalaman at karanasan. Sa paggamit ng TPR, ang mga mag-aaral ay hindi lamang nakikinig kundi aktibong nakikilahok sa pagkatuto, na tumutugma sa prinsipyo ng konstruktibismo.

Ang pananaliksik na ito ay mahalaga sa mga guro ng Filipino, lalo na sa mga nagtuturo sa Baitang 7, dahil maaari itong magsilbing batayan sa pagpili ng mga estratehiyang makatutulong sa pagpapalakas ng kasanayan sa pandiwa. Bukod dito, makatutulong ito sa mga tagapagpatupad ng kurikulum upang mas maunawaan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa larangan ng gramatika, at sa huli, ay makapagbuo ng mas epektibong mga programang pangwika. Sa pamamagitan ng TPR, inaasahang mas magiging masigla, mas mabilis, at mas matibay ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa paggamit ng pandiwa. Ito ang pagbabatayan sa pag-aaral na ito. Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng epekto ng Estratehiyang Total Physical Response (TPR) sa kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 ng Badlan National High School. Layunin nitong tukuyin kung paano nakatutulong ang TPR sa pagpapalalim ng kaalaman ng mga mag-aaral sa tamang gamit ng pandiwa sa Filipino, at kung may makabuluhang pag-unlad sa kanilang kasanayang pangwika matapos ang interbensyon. Ang pagkakaugnay-ugnay ng mga baryabol ay ipinakita sa unang pigura.

#### Paglalahad ng suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin ang epekto ng Estratehiyang Total Physical Response (TPR) sa kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 ng Badlan National High School, Calinog Iloilo, sa Taong Panuruan 2025–2026. Layunin nitong matukoy

kung ang paggamit ng TPR bilang estratehiya sa pagtuturo ay may positibong epekto sa pag-unlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa tamang gamit ng pandiwa. Nilalayan din ng pag-aaral na ito na masagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 sa pauna at panghuling pagsusulit ng kontrol at eksperimental na pangkat?
2. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral sa pagitan ng paunang pagsusulit ng kontrol at eksperimental na pangkat?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral sa pagitan ng pauna at panghuling pagsusulit ng kontrol at eksperimental na pangkat?
4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral sa pagitan ng panghuling pagsusulit ng kontrol at eksperimental na pangkat?

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang epekto ng paggamit ng estratehiyang Total Physical Response sa kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 ng Badlan National High School, Calinog, Lungsod ng Iloilo, Taong Panuruan 2025-2026. Ginamit sa pananaliksik na ito ang quasi-experimental na disenyo. Ayon kina Gribbons at Hernan na binanggit ni Cerezo (2024), ang quasi-experimental na disenyo ay binubuo ng kontrol at eksperimental na pangkat, subalit sa halip na gumamit ng palambang paraan ng pagpili ng mga kalahok, umiiral o likas nang mga pangkat ang pinipili na may pagkakatulad hangga't maaari. Ayon din kay Troohim na binanggit ni Cerezo, ang pinakamahalagang bahagi ng quasi-experimental na disenyo ay ang paghahambing sa dalawang pangkat. Ang pinakatanyag na anyo nito ay ang paghahambing sa resulta ng paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit kung saan ang mananaliksik ay walang ganap na kontrol sa mga kalahok ng kontrol na pangkat. Ang disenyong ito ay nakatuon sa paghahambing ng dalawang pangkat upang matukoy ang epekto ng salik na eksperimental. Sa pag-aaral na ito, ang eksperimental na disenyo ay binubuo ng paunang pagsusulit (O1), interbensyon (X), at panghuling pagsusulit (O2) para sa eksperimental na pangkat, samantalang ang kontrol na pangkat ay sumailalim lamang sa paunang pagsusulit (O1) at panghuling pagsusulit (O2) nang walang inilapat na interbensyon.

Ang mga datos sa pag-aaral ay nakalap sa pamamagitan ng paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit na isinagawa ng mananaliksik upang matukoy ang epekto ng paggamit ng estratehiyang Total Physical Response sa kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral sa Baitang 7. Ang malayang baryabol sa pag-aaral ay ang pamamaraan ng pagtuturo, partikular ang tradisyunal na pamamaraan para sa kontrol na pangkat at ang paggamit ng estratehiyang Total Physical Response para sa eksperimental na pangkat. Samantala, ang di malayang baryabol ay ang epekto ng paggamit ng estratehiyang Total Physical Response sa kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral sa Baitang 7. Ipinaliwanag ni Ary na binanggit ni Cerezo (2024) na sa pamamaraang ito, ang di malayang baryabol ay maaaring mabago, samantalang ang lahat ng iba pang baryabol maliban sa malayang baryabol ay nananatiling hindi nagbabago. Dagdag pa rito, ang epekto ng manipulasyon ng malayang baryabol sa di malayang baryabol ay inoobserbahan, pinag-aaralan, at maingat na itinatala.

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng animnapung (60) mag-aaral sa Baitang 7 ng Badlan National High School, Calinog, Lungsod ng Iloilo. Pinili ang dalawang seksyon na may magkatulad na antas ng akademikong pagganap batay sa resulta ng pangalawang markahan. Sa pamamagitan ng purposive sampling, itinalaga ang isang seksyon bilang eksperimental na pangkat at ang isa bilang kontrol na pangkat. Ang distribusyon ng mga kalahok ay binubuo ng tatlong (30) mag-aaral sa kontrol na pangkat at tatlong (30)

mag-aaral sa eksperimental na pangkat, kaya may kabuuang animnapung (60) kalahok. Ang dalawang pangkat ay pinili mula sa dalawang seksyon ng Baitang 7 kung saan lahat ng mga mag-aaral na nagtugma ang grado sa isinagawang match pairing ay isinama bilang mga tagatugon. Sa pagtatalaga kung alin sa dalawang pangkat ang magiging kontrol o eksperimental, isinulat sa magkahiwalay na papel ang pangalan ng dalawang pangkat at maingat na ibinilot ang mga ito. Itinakda ng mananaliksik na ang unang papel na mabubunot ang magiging eksperimental na pangkat at ang huling mabubunot ang magiging kontrol na pangkat. Ang mga mag-aaral sa eksperimental na pangkat ay tinuruan gamit ang estratehiyang Total Physical Response samantalang ang mga nasa kontrol na pangkat ay tinuruan gamit ang tradisyunal na pamamaraan.

Batay sa profayl ng mga kalahok, may 37 o 61.67% na lalaki at 23 o 38.33% na babae. Ipinakikita ng mga datos na mas marami ang bilang ng mga lalaking kalahok kaysa sa mga babae. Kaugnay naman ng edad, lahat ng 60 o 100% ng mga kalahok ay nasa edad na 11 hanggang 12 taong gulang, samantalang walang kalahok na may edad na 13 taong gulang pataas.

Ang mga kagamitang ginamit sa pananaliksik ay binubuo ng tatlong bahagi, kabilang ang profayl ng mga kalahok, paunang pagsusulit sa kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral, at panghuling pagsusulit sa kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral. Ang mga araling saklaw ng pagsusulit ay tumutukoy sa mga paksa sa ikatlong markahan tungkol sa mga uri, gamit, at aspekto ng pandiwa. Gumamit ang mananaliksik ng banghay aralin, mga activity sheets, at pagsusulit na binubuo ng tatlumpung (30) aytem na may pamimiliang sagot o multiple choice na personal na binuo batay sa Most Essential Learning Competencies (MELCs) sa Filipino para sa Baitang 7. Upang matiyak ang baliditi ng instrumento, nagsagawa ang mananaliksik ng pilot testing gamit ang animnapung (60) aytem na pauna at panghuling pagsusulit sa tatlumpung (30) mag-aaral na hindi kabilang sa target na kalahok ng pag-aaral. Ang mga aytem ay isinailalim sa item analysis upang matukoy ang tatlumpung (30) aytem na may pinakamainam na kalidad. Ang mga napiling aytem ang isinama sa pangunahing pagsusulit sapagkat napatunayang balido at kapani paniwala.

Ang parehong mga aytem na ginamit sa paunang pagsusulit ay siya ring ginamit sa panghuling pagsusulit. Gayunman, sa pagsasagawa ng panghuling pagsusulit ay pinaghalo ang pagkakasunod sunod ng mga aytem upang maiwasang maalala ng mga kalahok ang tamang pagkakasunod ng mga tanong. Bukod sa pagsusulit, gumamit din ng activity sheets sa bawat sesyon ng pagtuturo. Ang eksperimental na pangkat ay gumamit ng TPR based activity sheets kung saan ang mga mag-aaral ay tumutugon sa mga verbal na utos sa pamamagitan ng kilos, galaw, at iba pang interaktibong gawain. Samantala, ang kontrol na pangkat ay gumamit ng karaniwang activity sheets na nakatuon sa pagsagot ng mga tanong at pagsasanay sa papel.

Sa pag interpret ng resulta ng pagsusulit, ginamit ang sumusunod na iskala: 24.01 – 30.00 bilang Napakataas, 18.01 – 24.00 bilang Mataas, 12.01 – 18.00 bilang Katamtaman, 6.01 – 12.00 bilang Mababa, at 0.00 – 6.00 bilang Kailangang paunlarin.

Ang pangangalap ng mga kinakailangang datos ay isinagawa sa tatlong yugto, ang pre eksperimental, eksperimental, at post eksperimental. Sa unang yugto o pre eksperimental, humingi ang mananaliksik ng pahintulot mula sa Punong guro ng Carvasana National High School upang maisagawa ang pilot testing at mula rin sa Punong guro ng Badlan National High School upang maisagawa ang aktuwal na pananaliksik. Matapos makuha ang mga kinakailangang pahintulot, inihanda ng mananaliksik ang lahat ng kagamitang kakailanganin sa pag-aaral. Bago ang implementasyon ng interbensyon, maingat na isinasaalang alang ang mga etikal na aspekto ng pananaliksik upang matiyak na walang isyung maaaring lumitaw kaugnay ng pag-aaral. Tiniyak ng mananaliksik na may pahintulot ang mga magulang ng mga kalahok sa pamamagitan ng pagpapapirma ng parent's consent na naglalaman ng kalikasan at

paglalarawan ng pananaliksik. Matapos nito ay nagsagawa rin ang mananaliksik ng oryentasyon para sa mga kalahok.

Isinagawa ang pilot testing sa Carvasana National High School gamit ang isang animnapung (60) aytem na talatanungan. Batay sa resulta ng pagsusuri, pinili ang tatlung (30) aytem na may pinakamainam na kalidad at ginamit bilang paunang pagsusulit noong unang linggo ng Enero 2026 upang mataya ang kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral. Ang nasabing pagsusulit ay personal na ginawa ng mananaliksik at binubuo ng tatlung (30) aytem na may katumbas na interpretasyon batay sa sumusunod na iskala: 24.01 – 30.00 Napakataas, 18.01 – 24.00 Mataas, 12.01 – 18.00 Katamtaman, 6.01 – 12.00 Mababa, at 0.00 – 6.00 Kailangang paunlarin. Ang pagsusulit ay ginawan din ng Talahanayan ng Espisipikasyon (TOS) batay sa pamantayang pangnilalaman at kasanayang pagkatuto na nakapaloob sa curriculum guide ng Filipino 7.

Sa ikalawang yugto, nagturo ang mananaliksik sa kontrol at eksperimental na pangkat ng mga paksang tumatalakay sa mga gamit, uri, at pokus ng pandiwa. Ang implementasyon ng pag-aaral ay isinagawa mula Enero 19, 2026 hanggang Pebrero 15, 2026 tuwing Lunes hanggang Huwebes. Isinagawa ang pagtuturo sa eksperimental na pangkat mula 7:30 hanggang 8:30 ng umaga at sa kontrol na pangkat mula 8:30 hanggang 9:30 ng umaga. Ang kontrol na pangkat ay tinuruan gamit ang tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo na nakabatay sa MELCs ng DepEd. Ang mga paksa ay itinuro sa pamamaraang lecture type kung saan ang mananaliksik lamang ang nagpapaliwanag ng mga aralin bago magbigay ng mga gawaing may kaugnayan sa talakayan tulad ng pagtukoy ng pandiwa sa pangungusap, pag uuri ng pandiwa ayon sa aspekto, pagpuno sa patlang ng wastong anyo ng pandiwa, at pagsagot sa maikling pagsusulit. Ang mga kalahok ay nakinig sa talakayan at isinagawa ang mga gawaing iniatas ng guro.

Sa kabilang banda, ang eksperimental na pangkat ay tinuruan gamit ang estratehiyang Total Physical Response. Gumawa ang mananaliksik ng masusing banghay aralin na naglalaman ng iba't ibang gawaing pampagkatuto na may kaugnayan sa kahusayang pandiwa. Kabilang sa mga isinagawang gawain ang pagsunod sa mga pandiwang utos tulad ng tumayo, umupo, lumakad, at sumulat, pagganap sa mga ipinapakitang sitwasyon o larawan gamit ang angkop na kilos, at mga larong pampagkatuto na nangangailangan ng agarang pisikal na pagtugon sa mga ibinigay na pandiwa.

Sa huling yugto o post eksperimental, ang mga mag-aaral mula sa kontrol at eksperimental na pangkat ay binigyan ng panghuling pagsusulit noong Pebrero 16, 2026. Ang pagsusulit na ginawa ng mananaliksik at ibinatay sa pamantayang pangnilalaman at kasanayang pagkatuto ayon sa curriculum guide ay ipinasagot sa dalawang pangkat upang matukoy kung may epekto ang paggamit ng estratehiyang Total Physical Response sa kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral sa Baitang 7. Ang parehong pagsusulit ang ginamit sa pauna at panghuling pagsusulit, subalit binago lamang ang pagkakasunod sunod ng mga aytem sa panghuling pagsusulit. Ang mananaliksik ang nanguna sa pangongolekta, pagwawasto, pagmamarka, at pag oorganisa ng mga kasagutan ng mga kalahok upang makalap ang mga kinakailangang datos para sa istadistikal na tritment.

Ang mga nakalap na datos ay isinailalim sa mga angkop na pamamaraang istadistikal. Ginamit ang mean upang matiyak ang epekto ng paggamit ng estratehiyang Total Physical Response sa kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral sa Baitang 7. Ginamit ang standard deviation (SD) upang matiyak ang kaisahan at katumpakan ng mga tugon ng mga mag-aaral kaugnay ng epekto ng paggamit ng estratehiyang Total Physical Response sa kanilang kahusayang pandiwa. Ginamit ang t test for dependent samples upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit ng

kontrol at eksperimental na pangkat. Samantala, ginamit ang t test for independent samples upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng resulta ng paunang pagsusulit at panghuling pagsusulit ng kontrol at eksperimental na pangkat. Ang alpha level of significance ay nakaset sa .05.

## RESULTA AT PAGTATALAKAY

Ang kabanatang ito ay naglalahad at nagsusuri ng mga natuklasan batay sa datos na nakalap mula sa 59 na mag-aaral sa Baitang 7 na nahati sa dalawang pangkat, binubuo ng 30 mag-aaral sa kontrol na pangkat at 29 na mag-aaral sa eksperimental na pangkat. Isinagawa ang pag-aaral gamit ang quasi-eksperimental na disenyo na may pauna at panghuling pagsusulit upang masukat ang antas ng kahusayang pandiwa ng mga kalahok bago at pagkatapos ng implementasyon ng interbensyon. Ang mga datos ay natamo sa pamamagitan ng isang balidado at angkop na instrumento na nakatuon sa pagsukat ng kahusayang pandiwa sa mga araling bahagi ng unang kwarter ng asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik. Sa pagsusuri ng mga datos, ginamit ang frequency count, percentage, mean, standard deviation, independent t-test, at paired t-test sa pamamagitan ng computer processed statistics, habang ang .05 alpha level ang naging batayan sa pagtanggap o pagwaksi ng mga ipotesis. Ang talakayang ito ay nakabatay sa mga nakalap na datos at ang bawat resulta ay binibigyang-kahulugan kaugnay ng mga layunin ng pag-aaral upang matiyak ang malinaw at sistematikong interpretasyon ng mga natuklasan.

Ipinakita ng mga nakalap na datos na ang antas ng kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral sa parehong kontrol at eksperimental na pangkat ay nagbago mula sa paunang pagsusulit hanggang sa panghuling pagsusulit. Sa paunang pagsusulit, ang kontrol na pangkat ay nagtamo ng kabuuang antas na "Katamtaman" na may ( $M = 15.70$ ,  $SD = 5.19$ ), samantalang ang eksperimental na pangkat ay nagtamo rin ng antas na "Katamtaman" na may ( $M = 13.93$ ,  $SD = 4.90$ ). Batay sa ginamit na iskala, ang mga markang nasa saklaw na 12.01–18.00 ay may deskripsiyong "Katamtaman," na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay nagtataglay na ng paunang kaalaman hinggil sa pandiwa ngunit hindi pa sapat upang maipakita ang mataas na antas ng kahusayan sa pagkilala at wastong paggamit nito sa iba't ibang sitwasyong pangwika. Ang mga resulta ay nagpapahiwatig na bago pa man ang implementasyon ng interbensyon ay may umiiral nang dating kaalaman o prior knowledge ang mga kalahok, bunga ng kanilang mga nakaraang pag-aaral tungkol sa pandiwa mula pa sa elementarya. Gayunman, ang kaalamang ito ay nananatili lamang sa batayang antas at hindi pa ganap na naisasabuhay sa aktuwal na paggamit ng wika sa pagsasalita at pagsulat. Ipinahihiwatig din nito na ang mga mag-aaral ay may pangangailangan pa ng mas sistematiko at mas makahulugang paglinang upang higit pang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pandiwa.

Sa panghuling pagsusulit, kapansin-pansin ang pagtaas ng antas ng kahusayang pandiwa ng dalawang pangkat. Ang kontrol na pangkat ay nagtamo ng antas na "Mataas" na may ( $M = 20.00$ ,  $SD = 7.64$ ), samantalang ang eksperimental na pangkat ay nagtamo rin ng antas na "Mataas" na may ( $M = 21.93$ ,  $SD = 6.83$ ). Batay sa ginamit na iskala, ang saklaw na 18.01–24.00 ay may deskripsiyong "Mataas," na nagpapakita ng malinaw na pag-unlad sa antas ng kahusayan ng mga mag-aaral pagkatapos ng implementasyon ng kani-kanilang paraan ng pagtuturo. Sa kontrol na pangkat, maaaring maiugnay ang pagtaas ng kanilang marka sa patuloy na paggamit ng tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo, gayundin sa tuluy-tuloy na pagsasanay, gabay ng guro, at regular na paglahok sa mga gawaing pangwika sa loob ng silid-aralan. Ipinahihiwatig nito na ang maayos at sistematikong tradisyunal na pagtuturo ay nananatiling may mahalagang ambag sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng pandiwa.

Sa kabilang banda, ang eksperimental na pangkat ay nagpakita rin ng mataas na antas ng kahusayang pandiwa matapos ilapat ang estratehiyang Total Physical Response. Ang pagtaas mula sa ( $M = 13.93$ ,  $SD = 4.90$ ) tungo sa ( $M = 21.93$ ,  $SD = 6.83$ ) ay nagpapahiwatig na ang estratehiya ay nakatulong sa paglinang ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng aktibong partisipasyon at aktuwal na pagganap sa mga kilos na kaugnay ng mga pandiwa. Ang ganitong pamamaraan ay nagbigay sa mga kalahok ng pagkakataong matuto sa paraang higit na angkop sa kanilang kakayahan at estilo ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng pag-uugnay ng galaw, kilos, at kahulugan ng mga pandiwa, higit na naging kongkreto ang kanilang pag-unawa sa mga konseptong panggramatika. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng mga estratehiyang nakasentro sa mag-aaral ay nakatutulong sa pagpapataas ng motibasyon, pagpapanatili ng atensyon, at pagpapalalim ng pagkatuto.

Ang mga natuklasang ito ay umaayon sa pag-aaral ni Cerezo (2024), na nagpakitang nagkaroon ng makabuluhang pag-unlad sa kahusayan sa pandiwa ng mga mag-aaral na kabilang sa eksperimental na pangkat matapos ang paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo. Ayon sa pag-aaral, ang mga mag-aaral na higit na namomotibahan sa proseso ng pagkatuto ay karaniwang nakapagtatamo ng mas mataas na antas ng akademikong pagganap. Ang pagkakatulad ng mga natuklasan ay nagpapahiwatig na ang mga estratehiyang nagbibigay ng aktibong partisipasyon at makahulugang karanasan sa pagkatuto ay may positibong impluwensiya sa paglinang ng kasanayang panggramatika, partikular sa kahusayang pandiwa.

Upang matiyak kung may umiiral na pagkakaiba sa paunang antas ng kahusayang pandiwa ng dalawang pangkat bago ang implementasyon ng interbensyon, isinagawa ang independent t-test. Ipinakita ng pagsusuri na ang kontrol na pangkat ay nagtamo ng ( $M = 15.70$ ,  $SD = 5.19$ ), samantalang ang eksperimental na pangkat ay nagtamo ng ( $M = 13.93$ ,  $SD = 4.90$ ). Ang resulta ng pagsusuri ay nagpakita ng  $t = 1.345_{ns}$ ,  $df = 57$ ,  $Sig. = 0.184$ . Dahil ang  $Sig. = 0.184$  ay mas mataas kaysa sa itinakdang .05 alpha level, ang resulta ay hindi makabuluhan. Samakatuwid, walang makabuluhang pagkakaiba sa kahusayang pandiwa ng kontrol at eksperimental na pangkat sa paunang pagsusulit, kaya ang ipotesis na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang pangkat bago ang implementasyon ng interbensyon ay tinanggap.

Ang kawalan ng makabuluhang pagkakaiba sa paunang pagsusulit ay nagpapahiwatig na ang dalawang pangkat ay nagsimula sa halos magkatulad na antas ng kahusayang pandiwa. Ang pagkakapantay na ito ay mahalagang indikasyon ng pagiging maihahambing ng dalawang pangkat bago ang implementasyon ng estratehiyang Total Physical Response. Ipinahihiwatig din nito na ang anumang pagbabago sa mga susunod na pagsusuri ay maaaring maiugnay sa mga isinagawang proseso ng pagtuturo kaysa sa paunang pagkakaiba ng kakayahan ng mga kalahok. Maaaring ipaliwanag ang resulta sa pamamagitan ng katotohanang ang dalawang pangkat ay nagmula sa parehong antas ng pagkatuto, sumailalim sa magkatulad na kurikulum, at nagkaroon ng halos magkakatulad na karanasan sa pag-aaral ng pandiwa bago isinagawa ang eksperimento. Dahil dito, ang kanilang dating kaalaman o stored knowledge ay nanatiling halos magkapantay, kaya hindi lumitaw ang anumang estadistikal na pagkakaiba sa paunang pagsusulit.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa isinagawang pag-aaral ni Umali (2024), kung saan natuklasan ding pantay ang antas ng pag-unawa sa pandiwa ng mga mag-aaral bago ang implementasyon ng interbensyon. Ipinaliwanag niya na ang pagkakapantay ng mga resulta ay maaaring dulot ng homogeneity ng sample, na nangangahulugang ang mga kalahok ay may halos magkakatulad na antas ng kaalaman at karanasan sa mga konseptong sinusukat. Ang pagkakatulad ng mga natuklasan ay higit pang nagpapatibay na ang mga kalahok sa kasalukuyang pag-aaral ay nagsimula sa magkatulad na pundasyon ng kaalaman, kaya naging

angkop ang paggamit ng quasi-eksperimental na disenyo upang masukat ang tunay na epekto ng interbensyon.

Sa pagsusuri ng pagbabago sa kahusayang pandiwa sa pagitan ng pauna at panghuling pagsusulit ng bawat pangkat, isinagawa ang paired t-test. Sa kontrol na pangkat, ang paunang pagsusulit ay nagtala ng ( $M = 15.70$ ,  $SD = 5.19$ ), samantalang ang panghuling pagsusulit ay nagtala ng ( $M = 20.00$ ,  $SD = 7.64$ ). Ang resulta ng paired t-test ay nagpakita ng  $t = 4.255^*$ ,  $df = 29$ ,  $Sig. = 0.000$ . Dahil ang  $Sig. = 0.000$  ay mas mababa kaysa sa .05 alpha level, ang resulta ay makabuluhan. Sa eksperimental na pangkat naman, ang paunang pagsusulit ay nagtala ng ( $M = 13.93$ ,  $SD = 4.90$ ), samantalang ang panghuling pagsusulit ay nagtala ng ( $M = 21.93$ ,  $SD = 6.83$ ). Ang resulta ng paired t-test ay nagpakita ng  $t = 8.942^*$ ,  $df = 28$ ,  $Sig. = 0.000$ . Dahil ang  $Sig. = 0.000$  ay mas mababa kaysa sa .05 alpha level, ang resulta ay makabuluhan din. Samakatuwid, kapwa nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa kahusayang pandiwa ang kontrol at eksperimental na pangkat mula sa pauna hanggang sa panghuling pagsusulit. Dahil dito, ang ipotesis na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagsusulit ng kontrol at eksperimental na pangkat ay iwinasak.

Ang makabuluhang pagtaas ng marka ng dalawang pangkat ay nagpapahiwatig na nagkaroon ng tunay na pagkatuto sa loob ng panahon ng implementasyon ng pag-aaral. Gayunman, higit na kapansin-pansin ang laki ng pagtaas ng mean ng eksperimental na pangkat, na nagpapahiwatig ng positibong impluwensiya ng paggamit ng estratehiyang Total Physical Response sa paglinang ng kahusayang pandiwa. Sa pamamagitan ng aktibong paggalaw, pagganap, at pag-uugnay ng kilos sa kahulugan ng pandiwa, naging mas kongkreto at mas makahulugan ang proseso ng pagkatuto. Ang ganitong pamamaraan ay nakapagpapataas ng antas ng pag-unawa, retensyon, at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawaing pampagkatuto. Ipinahihiwatig din ng resulta na ang sistematikong paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo ay may mahalagang papel sa pagpapalalim ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang interpretasyong ito ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Freeman et al. (2014), na nagsabing ang paggamit ng makabuluhan at interaktibong estratehiya sa pagtuturo ng gramatika ay higit na nakapagpapahusay sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga konseptong pangwika. Ayon sa kanila, ang mga estratehiyang nagbibigay-diin sa aktibong partisipasyon, kontekstuwalisadong pagkatuto, at karanasan ng mga mag-aaral ay nagresulta sa mas mataas na antas ng akademikong pagganap kaysa sa tradisyunal na pagtuturo lamang. Umaayon din ito sa pag-aaral ni Cerezo (2024), na nagsabing ang maayos na organisasyon ng pagtuturo ay nakatutulong sa pagpapalawak ng pag-unawa, pagpapaigting ng retensyon, at pagpapahusay ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagkatuto.

Bilang panghuling pagsusuri, isinagawa ang independent t-test upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayang pandiwa ng dalawang pangkat matapos ang implementasyon ng kani-kanilang paraan ng pagtuturo. Ipinakita ng resulta na ang kontrol na pangkat ay nagtala ng ( $M = 20.00$ ,  $SD = 7.64$ ), samantalang ang eksperimental na pangkat ay nagtala ng ( $M = 21.93$ ,  $SD = 6.83$ ). Ang resulta ng pagsusuri ay nagpakita ng  $t = 1.022$ ,  $df = 57$ ,  $Sig. = 0.311$ . Dahil ang  $Sig. = 0.311$  ay mas mataas kaysa sa .05 alpha level, ang resulta ay hindi makabuluhan. Samakatuwid, walang makabuluhang pagkakaiba sa kahusayang pandiwa ng kontrol at eksperimental na pangkat sa panghuling pagsusulit. Dahil dito, tinanggap ang ipotesis na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 sa pagitan ng dalawang pangkat sa panghuling pagsusulit.

Bagama't walang makabuluhang pagkakaiba sa panghuling pagsusulit, kapwa nagtamo ang dalawang pangkat ng mataas na antas ng kahusayang pandiwa, na nagpapahiwatig na kapwa naging mabisa ang mga isinagawang proseso ng pagtuturo sa pagpapataas ng kanilang pagkatuto. Ipinakikita rin nito na ang tradisyunal na pagtuturo ay nakapagbigay rin ng

positibong ambag sa paglinang ng kahusayan ng mga mag-aaral, habang ang estratehiyang Total Physical Response ay nagbigay ng alternatibong paraan ng pagkatuto na naging epektibo rin sa pagpapataas ng kanilang pagganap. Gayunman, dahil hindi umabot sa antas ng estadistikal na kabuluhan ang pagkakaiba ng dalawang pangkat sa panghuling pagsusulit, hindi maituturing na higit na mabisa ang isang pamamaraan kaysa sa isa batay lamang sa pagsusuring isinagawa. Ang natuklasang ito ay salungat sa pag-aaral ni Umali (2024), na nagpakita ng makabuluhang pagkakaiba matapos gamitin ang komiks strip bilang self-learning modyul sa pag-unawa sa pandiwa. Ang pagkakaibang ito ay maaaring maiugnay sa pagkakaiba ng konteksto ng pag-aaral, katangian ng mga kalahok, at uri ng interbensiyong ginamit.

Sa kabuuan, ipinakita ng mga natuklasan na ang parehong kontrol at eksperimental na pangkat ay nagsimula sa magkatulad na antas ng kahusayang pandiwa, kapwa nagpakita ng makabuluhang pag-unlad mula sa pauna hanggang sa panghuling pagsusulit, at nagtamo ng mataas na antas ng kahusayan sa pagtatapos ng implementasyon. Bagama't walang makabuluhang pagkakaiba sa panghuling pagsusulit ng dalawang pangkat, malinaw na ang parehong tradisyunal na pagtuturo at ang estratehiyang Total Physical Response ay nakatulong sa pagpapahusay ng kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral. Ang mga natuklasang ito ay tumugon sa mga layunin ng pag-aaral sa pamamagitan ng paglalarawan sa antas ng kahusayan ng mga kalahok, pagtukoy sa mga estadistikal na pagkakaiba sa pagitan ng mga pagsusulit at pangkat, at pagbibigay ng empirikal na batayan hinggil sa paggamit ng Total Physical Response sa pagtuturo ng pandiwa. Higit pa rito, ang mga resulta ay nagbibigay ng mahalagang ambag sa larangan ng pagtuturo ng Filipino at nagsisilbing batayan para sa pagbuo ng mga susunod na programang pampagtuturo at pananaliksik na nakatuon sa pagpapahusay ng kahusayang panggramatika ng mga mag-aaral.

## KONKLUSYON

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang epekto ng Estratehiyang Total Physical Response sa kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral sa Baitang 7 ng Badlan National High School, Calinog, Iloilo sa Taong Panuruan 2025-2026. Isinagawa ang pananaliksik gamit ang quasi-eksperimental na disenyo upang matukoy ang bisa ng naturang estratehiya sa pagpapahusay ng kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral. Partikular na sinagot ng pag-aaral ang mga tanong hinggil sa antas ng kahusayang pandiwa ng kontrol at eksperimental na pangkat sa pauna at panghuling pagsusulit, ang pagkakaiba ng kanilang mga marka bago at matapos ang interbensyon, at ang pagkakaiba ng kanilang mga performans matapos ang implementasyon ng dalawang magkaibang pamamaraan ng pagtuturo. Ang pag-aaral ay nilahukan ng animnapu (60) na mag-aaral mula sa dalawang seksyon ng Baitang 7 na pinili sa pamamagitan ng match pairing batay sa kanilang pinal na grado sa Filipino sa ikalawang markahan upang matiyak ang pagkakatulad ng kakayahan ng dalawang pangkat bago ang implementasyon ng interbensyon. Ang isang pangkat ay tinuruan sa pamamagitan ng tradisyunal na pamamaraan samantalang ang isa naman ay ginamitan ng Estratehiyang Total Physical Response. Ang mga datos ay nakalap sa pamamagitan ng pauna at panghuling pagsusulit na binuo ng mananaliksik at dumaan sa pilot testing upang matiyak ang bisa at kaangkupan ng instrumento. Ang mga datos ay sinuri gamit ang mean at standard deviation para sa mga palarawang datos at t-test for independent at dependent samples para sa inferensyal na pagsusuri, na may alpha level of significance na .05.

Batay sa mga nakalap na datos, lumabas na ang antas ng kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral sa paunang pagsusulit ng parehong kontrol at eksperimental na pangkat ay kapwa nasa antas na “katamtaman.” Sa panghuling pagsusulit, kapwa umabot sa antas na “mataas”

ang kahusayang pandiwa ng dalawang pangkat. Ipinakita rin ng pagsusuri na walang makabuluhang pagkakaiba sa kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral sa pagitan ng kontrol at eksperimental na pangkat sa paunang pagsusulit, na nagpapatunay na ang dalawang pangkat ay nagsimula sa halos magkatulad na antas ng kaalaman at kasanayan bago isinagawa ang interbensyon. Samantala, lumabas na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagsusulit ng bawat pangkat, na nagpapakita ng pagtaas ng kanilang kahusayang pandiwa matapos ang implementasyon ng kani-kanilang pamamaraan ng pagtuturo. Gayunpaman, sa paghahambing ng panghuling pagsusulit ng kontrol at eksperimental na pangkat, walang natukoy na makabuluhang pagkakaiba sa kanilang performans.

Mula sa mga natuklasan, maaaring ipagpalagay na ang katamtamang antas ng kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral bago ang implementasyon ng interbensyon ay nagpapahiwatig na kinakailangan pa nilang malinang ang kanilang kaalaman at kasanayan sa paggamit, pagtukoy, at pagpapakahulugan ng pandiwa. Ang ganitong antas ng kahusayan ay maaaring makaapekto sa kanilang aktibong partisipasyon sa loob ng silid-aralan sapagkat maaari silang makaranas ng pag-aalinlangan sa pagsagot sa mga tanong, pagpapahayag ng kanilang mga ideya, at pakikilahok sa mga talakayan. Dahil dito, nagiging hamon din para sa guro ang paglalahad ng mga araling may kaugnayan sa pandiwa sapagkat kinakailangang gumamit ng mga estratehiyang higit na angkop sa kakayahan at pangangailangan ng mga mag-aaral upang mapataas ang kanilang pag-unawa.

Ipinakita rin ng kawalan ng makabuluhang pagkakaiba sa paunang pagsusulit ng kontrol at eksperimental na pangkat na ang mga kalahok ay nagsimula sa halos magkatulad na antas ng kahusayang pandiwa bago ipinatupad ang Estratehiyang Total Physical Response. Ang resulta ay nagpapatunay na naging patas ang distribusyon ng mga kalahok sa dalawang pangkat at naging matatag ang disenyo ng pananaliksik. Dahil dito, ang anumang pagbabagong nakita sa panghuling pagsusulit ay maaaring maiugnay sa mga pamamaraang ginamit sa pagtuturo at hindi sa paunang pagkakaiba ng kakayahan ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ipinahihiwatig din ng katamtamang panimulang antas na kung hindi mabibigyan ng angkop na interbensyon ang mga mag-aaral ay maaaring mahirapan silang maunawaan ang mas komplikadong konsepto sa mga susunod na baitang, na maaaring makaapekto sa kanilang tiwala sa sarili at sa kanilang aktibong pakikilahok sa proseso ng pagkatuto.

Higit na pinagtibay ng resulta ng pag-aaral na nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral matapos ang implementasyon ng mga estratehiya sa pagtuturo. Ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagsusulit ay nagpapakita na naging epektibo ang mga isinagawang gawaing pampagtuturo sa pagpapataas ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa partikular, ipinakita ng eksperimental na pangkat na ang paggamit ng Estratehiyang Total Physical Response ay nakatulong sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa iba't ibang pokus, gamit, at pagpapakahulugan ng pandiwa. Sa pamamagitan ng aktuwal na pagkilos, demonstrasyon, at mga gawaing may kaugnayan sa kilos na ipinahahayag ng pandiwa, naging mas kongkreto at makabuluhan ang kanilang pagkatuto. Ang ganitong estratehiya ay nakapagpukaw ng kanilang interes at atensyon, nagbigay ng mas mataas na motibasyon sa pag-aaral, at nakatulong sa wastong pagkilala, pag-unawa, at paggamit ng pandiwa sa iba't ibang sitwasyon.

Kasabay nito, ipinakita rin ng resulta na bagaman kapwa nagtamo ng mataas na antas ng kahusayang pandiwa ang kontrol at eksperimental na pangkat sa panghuling pagsusulit, walang natukoy na makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng kanilang mga performans. Ipinahihiwatig nito na kapwa naging epektibo ang tradisyunal na pamamaraan at ang Estratehiyang Total Physical Response sa pagpapataas ng kahusayang pandiwa ng mga mag-aaral. Ang kinalabasang ito ay nagpapakita na ang anumang estratehiya sa pagtuturo ay maaaring maging mabisa kung ito ay maayos na napaplano, sistematikong naipatutupad, at naitaangkop sa kakayahan, interes, at pangangailangan ng mga mag-aaral. Higit sa lahat,

pinatutunayan ng resulta na ang maingat na paghahati ng mga kalahok at ang pagkakaroon ng magkatulad na panimulang antas ng kahusayan ay naging mahalagang salik upang maging mapagkakatiwalaan ang mga natuklasan ng pag-aaral at magkaroon ng malinaw na batayan sa pagsusuri ng bisa ng mga estratehiyang ginamit sa pagtuturo.

#### TALASANGGUNIAN

Almario, V. S. (Ed.). (2010). UP Diksiyunaryong Filipino.

Basuki, E. P., Aquariza, N. R., & Shari, D. (2022). Teaching modeling using Total Physical Response technique in English learning. *New Language Dimensions*.

Brown, H. D. (2018). *Principles of language learning and teaching* (6th ed.). Pearson Education.

Corpuz, B. B., & Salandanan, G. G. (2015). *Principles of teaching 2*. Lorimar Publishing.

David, A. C. M. (2020). Corpus-based analysis of modal verbs in academic writing of Filipino students. *Philippine Normal University, Manila*.

De Leon, J. I. B. (2021). Pamigaganaca cang Br. Andrew B. Gonzalez: Mga ideya ng isang pantas-wika at kaniyang kontemporaryong katuturan. *Malay: Journal of Linguistics and Literature*, 34(1). De La Salle University.

Fahrurrozi, F. (2017). Improving students' vocabulary mastery by using Total Physical Response. *English Language Teaching Journal*.

Freeman, S., et al. (2014). Active learning increases student performance in science, engineering, and mathematics. *Proceedings of the National Academy of Sciences*.

Gannaban-Hicana, M. F. (2020). Mga teorya sa gramatika at wika, salalayan sa pagtuturo ng Filipino. *DALUMAT E-Journal*.  
<https://studylib.net/doc/27389462/dalumatset2020wwwdalumat.com>

Ibrohim, A. T., Septianti, A., & Sadikin, I. S. (2019). Students' perception toward teaching vocabulary through Total Physical Response method. *Professional Journal of English Education*.

Mariyam, S. N., & Musfiroh, T. (2019). Total Physical Response method in improving English vocabulary acquisition. *Tadris Journal*.

Nation, I. S. P. (2019). *Teaching ESL/EFL reading and writing*. Routledge.

Nuraeni, C. (2019). Using Total Physical Response method on young learners' English language teaching.

Putri, C. S., Taslim, & Syarifuddin. (2024). The effectiveness of the Total Physical Response method in enhancing students' vocabulary. *International Journal of Integrative Sciences*.

Satriani, A., Toba, R., & Komariah, A. (2024). The effectiveness of Total Physical Response using storytelling in teaching vocabulary. *International Journal of Language Studies*.